**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**APRIL 23, 2022 (11:00 A.M. – 11:47 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas. Siksik na naman sa balita't impormasyon ang aming ihahatid sa inyo ngayong araw ng Sabado. Nagpapatuloy na vaccination rollout, malakihang taas-presyo sa mga produktong petrolyo sa susunod na linggo at estado sa mga paliparan – ilan lang po iyan sa mga usaping tampok sa talakayan natin ngayong umaga.

Manatiling nakatutok, ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Information drive kontra sunog, dapat mas paigtingin ayon kay Senator Go. Hinikayat din ng senador ang mga opisyal na simulan ito sa mga lokal na pamahalaan. Narito ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Sitwasyon sa mga paliparan at operasyon ng mga airline companies po ang ating pag-uusapan. Makakasama po natin si Mr. Eric Apolonio, ang Spokesperson ng Civil Aviation Authority of the Philippines. Good morning po.

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Good morning, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Sir Eric, ramdam na rin po ba iyong pagdami ng mga ikinakasang karagdagang flights dahil po sa pagtaas ng volume ng mga pasahero? Masasabi po ba nating ito na 'yung tinatawag nating 'revenge travel'?

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Well base ho sa data 'no before the pandemic, talaga namang tumataas ng between 5 to 8 percent iyong ridership every year. Sa ngayon po ay may indikasyon na pataas na uli ito at baka malampasan iyong normal level noong 2019.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Sir Eric, sa ngayon ilang airports po ba iyong operating at ilan po iyong mga night-rated airports o iyong mga kaya daw pong mag-accommodate ng evening flights?

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Mayroon po tayong 42 CAAP commercial airport operations ano – out of that po, mayroon na tayong 25 night-rated airports. Ayon po sa pamamahala ng ating mahal na Kalihim Art Tugade, nagawan po ng paraan iyong mga na-delay noong mga nakaraang administrasyon ano at sa ngayon ho [ay] may 25 airports na tayong night-rated at marami pang binago para makumpleto iyong 42 airports sa buong bansa. Malaking bagay po ito 'no para maluwag po iyong pagbiyahe at maalis iyong air traffic space sa mga major destinations like NAIA, Clark, at Cebu-Mactan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero sa ngayon, ano po iyong flight capacity na ipinatutupad at flight frequency ng mga airlines? Ano rin daw po iyong pinagkaiba ng sitwasyon ngayon kumpara po noong pre-pandemic level?

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Well so far po ngayon, ang mga airlines po [ay] kailangan naman doon na mag-file ng flight plan kaya po nai-schedule lahat ng flight nila, ng aming tower ano. Kaya ho naiwasan iyong congestion especially iyong pagkakalagay nga po nitong night-rated airports, nai-spread iyong flights throughout the day.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero maraming mga kababayan po natin iyong talagang sinasamantala iyong mamasyal ano po nitong nagdaang Holy Week. So, paano po natin pinaaalala sa mga airlines iyong limit na ipinatutupad sa ilang mga local tourist spots? Halimbawa na lang po iyong nangyari sa Boracay.

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Well so far po ang mga airlines, nagku-coordinate po iyan sa mga LGU kung ilan iyong mga pasahero nila ‘no. So kamukha ho ng nangyari sa Boracay, call po kasi noong LGU iyon to confront dahil kami naman po especially iyong mga airlines, nagbigay na ng advanced information kung ilang pasahero iyong darating sa partikular na araw.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, paano naman po tinitiyak ng CAAP iyong seguridad at pagpapatupad ng health protocols sa mga airport? Kinakailangan po bang ipatupad itong maximum deployment ng mga personnel dahil sa influx ng mga pasahero lalo ngayong summer season? At, Sir Eric, ito’y sa gitna ng may mga nakikita na namang panibagong variant ng COVID kaya sinasabing kailangan na mahigpit po ang ating mga health protocols.

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Tama po iyon ‘no, sumusunod po tayo sa panuntunan ng IATF ano. At ang nangyayari po ngayon especially this summer season, nagdagdag po kami ng mga personnel at inalis na po iyong mga leave noong aming mga kawani. At nag-coordinate na rin po kami sa mga airlines na magdagdag sila ng mga empleyado doon sa check-in counter kasi diyan nagsisimula iyong congestions para mai-implement iyong social distancing na tinawag.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero nakikita ninyo po ba [na] magtutuluy-tuloy na rin po itong sigla ng turismo lalo ngayon marami pong mga promo na katulad po nitong piso fare na inaalok po ng mga ilang airlines?

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Well it’s a good sign po ‘no na iyong airline industry is going back to normal, iyong pre-pandemic level at iyong kompetisyon nandiyan. Pabor ho iyan sa ating mga pasahero dahil malaki ang matitipid nila sa pagbili ng airfare.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa ibang usapin naman po tayo, Sir Eric. Nito pong mga nakaraang buwan o linggo, naging malaking issue po itong epekto ng mataas na produktong petrolyo. So, paano po ito hinaharap ng mga airlines at habang hindi pa rin po nag-i-stable iyong—may mga paraan po ba tayong ginagawa para po makatulong kahit papaano sa mga airlines kung sakali?

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Well, call po ng airlines iyan ano. Normally po, mayroon silang tinatawag na fuel hedging – ito po iyong paraan ng mga airlines na bumili ng murang reserved fuel at a lower cost. Iniimbak ho nila iyan [para] maiwasan iyong expected future price noong oil plus protecting them from rise in prices.

**USEC. IGNACIO:** Uhum. Pero magandang balita naman po dahil naiulat kamakailan ang isang staff ng CAAP na nagsoli po ng naiwang cash ng isang OFW. So, ano pong masasabi ninyo dito at siyempre iyong paalala ninyo na rin po sa mga pasahero?

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Well, ang culture po ng honesty ng ating mga kawani only showcase the CAAP core values of integrity and honesty in [the] course of our service for public ano. Ngayon po… noong last April 17, isa na namang kawani ang nagpatunay nitong sinasabi ko na nagsauli po ng 280,000 pesos na isang facility cleaner, si Ms. Miraflor Simbre na isinauli po sa Area Manager natin, si Job De Jesus, noong matagpuan iyong P280,000 in cash.

Marami pa ho tayong mga ganiyang pagkakataon ano. Isa po iyong—minsan sa Legazpi, P150,000 din ang isinauli ng mga empleyado natin; sa Zamboanga po, more than P200,000 at saka iyong mga cellphone; Puerto Princesa po siya ang pinakamalaki – 1.5 million in cash – sinauli po iyon ng ating mga janitor.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Eric, kami po ay nagpapasalamat sa inyong oras sa pagbibigay-impormasyon. Eric Apolonio, ang Spokesperson po ng Civil Aviation Authority of the Philippines.

**CAAP SPOKESPERSON APOLONIO:** Maraming salamat po. Magandang umaga.

**USEC. IGNACIO:** Simula na po ng mga isinasagawang pagdinig kaugnay sa hiling na wage hike petition kasunod ng patuloy na pagtaas ng mga bilihin [hinggil sa] epekto po nang sunud-sunod na oil price hike. Alamin din po natin ang tulong ng pamahalaan sa mga OFWs sa Shanghai, China. Makakasama po natin si Labor Secretary Silvestre Bello III. Good morning, Secretary.

**DOLE SEC. BELLO III:** [Garbled]

**USEC. IGNACIO:** Sec. Bello, kumusta ka na po? Good morning po sa inyo.

**DOLE SEC. BELLO III:** Okay naman. Good morning, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sec, kukumustahin ko lang po itong update dito po sa mga isinasagawang hearing sa ilang mga probinsiya kaugnay ng wage hike petition?

**DOLE SEC. BELLO III:** Ongoing lahat iyan, Rocky. Kasi alam mo itong ating Regional Wage Board, sila ang nakakaalam kung ano ang economic situation in their respective regions. Sila ang nakakaalam kung ano ang pangangailangan ng mga empleyado at sila rin ang nakakaalam kung ano ang kakayahan ng mga employers. Kaya mayroon tayong scheduled hearing sa lahat ng mga petition for wage adjustment.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero Secretary, hanggang kailan daw po ito posibleng tumagal bago po magkaroon daw po ng pinal na desisyon kung aaprubahan itong hiling na wage increase?

**DOLE SEC. BELLO III:** Depende iyan, Rocky, kasi iniskedyul iyan na public hearing. Siyempre, alam mo naman ang Wage Board na iyan, ang membership niyan na nandiyan ay represented ang mga empleyado, represented ang mga employers, represented ang NEDA, represented ang Department of Trade and Industry, represented din ang Department of Finance kasi ang trabaho talaga nila is to see the wisdom of a wage increase in every region. Kanya-kaniyang region iyan, Rocky. So, may scheduled hearing iyan.

Hopefully, kasi mayroon naman akong inisyu sa kanila na it is a matter of urgency dahil alam naman natin, conscious naman tayo na affected iyong buying capacity ng suweldo ng ating mga manggagawa at isa pa, nandiyan pa iyong Ukraine-Russia war at tiyak na tataas lalo ang presyo ng gasolina. So, alam nila the urgency of acting on all these petitions for wage adjustment.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, tungkol naman dito sa kaka-approve lamang po na implementing rules and regulations sa ilalim ng Department of Migrant Workers. Tila daw po nagkakaroon daw po ng conflict at confusion. Tama po ba ito?

Pagdating daw po sa interpretasyon nito, saan po ba daw partikular na nagkaroon ng confusion kung mayroon man po, Secretary?

**DOLE SEC. BELLO III:** Well, Rocky, alam mo naman under the law, under Republic Act 11641, maliwanag na ang gagawa ng implementing rules and regulations ay iyong Transition Committee.

Iyong Transition Committee na iyan, it is a collegial body and therefore whatever IRR ang i-issue nila must be the work of the committee. Hindi puwede na isa lang ang gagawa ng IRR. Kaya if you recall, nag-issue si Mr. Mama-o ng IRR na siya lang ang gumawa. Pero si Executive Secretary Medialdea invited all the members of the Transition Committee and after discussion, they came up with a proposed internal implementing rules and regulations which was eventually approved by the President.

Iyon po ang inaprubahang implementing rules and regulations. Gawa ito ng isang team, hindi puwede na isa lang ang gagawa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero Secretary, hindi po kaya maging cause of delay itong – puwede ba nating sabihing conflict or naayos na rin naman katulad ng sinabi ninyo na malinaw naman po na dito sa staffing issue sa Transition Committee – pagdating po sa full implementation ng nasabing batas?

**DOLE SEC. BELLO III:** Hindi naman, Rocky, kasi if you will recall even under the law itself mayroong tinatawag na transition period. Hindi agad-agad effective iyan.

Under Section 23 of the law, maliwanag na the Department of Migrant Workers will be fully constituted only after or when there is already an implementing rules and regulations, mayroong budget at mayroong staffing pattern.

So, hanggang hindi naku-comply iyong tatlo na iyan, iyong DMW is still in a transition period. Hindi pa fully operational.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, sa ngayon po, sa aling bahagi na po nakatutok ngayon ang mga ahensiya para po dito sa tuluyang pagsasakatuparan ng nasabing batas?

**DOLE SEC. BELLO III:** Actually, Rocky, under the law, iyong mga agencies that will eventually be absorbed by the new department are still operating under the existing provision [of law]. Meaning, iyong OUMWA is still with the DFA; POEA is still with DOLE, OWWA is still with DOLE, ILAB is still with DOLE, NRCO is still with DOLE, NMP is still with DOLE. They are operating under their respective department. Hindi pa sila makakapagtrabaho under DMW, kasi DMW is not yet fully constituted.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyan, malinaw po iyan.

Pero, Secretary, pupunta po ako sa ibang usapin. Kukumustahin ko naman po iyong relief efforts para po sa ating mga kababayang OFW sa Shanghai na naapektuhan po ng lockdown doon. Ilang OFWs na po iyong naabutan ng tulong? At ano daw po iyong kanilang mga concerns?

**DOLE SEC. BELLO III:** Wala pong problema iyon, Rocky. Actually Rocky, wala kaming opisina sa China pero nandiyan naman ang Department of Foreign Affairs at sila po ang nag-identify sa mga OFWs na nandoon and on their instruction, handa po kami through our OWWA na magbigay ng financial assistance.

In the meantime, nagpapadala tayo ng pagkain, medisina sa kanila and as soon as ma-identify natin sila upon instruction of the DFA, we will give them the usual grant of $200 per OFW.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, ilang araw bago po ang Labor Day, anu-ano naman po ang paghahanda na ginagawa ng DOLE? May mga job fairs po ba na maaaring asahan ang ating mga kababayan?

**DOLE SEC. BELLO III:** Naku, mayroon talaga. There are about 12,000 jobs ready for picking. Hopefully, we are looking forward to a possible HOTS, HOTS means hired on the spot, baka sakaling makaka-hire on the spot tayo ng mga dalawang libo.

Pero more important than the job fair, Rocky, is the event where we will now deliver to the President his legacy to the OFWs. I'm referring to the delivery of an operational hospital para sa mga OFWs. Dito, magkakaroon tayo ng hospital. They will start operating effective May 1, and all OFWs, kung mayroon silang sakit kasama ang kanilang legal dependents, will be treated in this hospital for free.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, panghuli na lamang po. Ano po ang mensahe ninyo sa ating mga kababayan, partikular po sa maraming manggagawa ng bansa?

**DOLE SEC. BELLO III:** Unang-una, Rocky, nagpapasalamat ako sa pagkakataong ito na iparating sa ating mga workers, especially doon sa mga informal workers na mayroong programa ang Department of Labor which we call TUPAD – Tulong Panghanapbuhay sa mga Displaced Workers. Lahat ng mga workers na nawalan ng trabaho, nawalan ng negosyo dahil sa mga pandemya, sa mga kalamidad ay mayroon kaming ayuda na ibinibigay sa kanila which is TUPAD.

Ito iyong programa namin, Rocky, na binibigyan namin sila ng ten days work and after the ten days work we give them the pay, the salary for ten days. So, kung taga-Metro Manila ka, ang minimum wage is P537 per day, you work for ten days, you will be given a salary of P5,370. Iyan po ay binibigay natin sa lahat ng ating mga displaced workers.

Mayroon ding programa na AKAP. Ito iyong Abot Kamay Para sa mga OFWs. Lahat ng mga OFWs na nawalan ng trabaho, na-displace dahil sa COVID at kalamidad ay binibigyan natin ng binanggit ko kanina na $200. Lahat sila mabibigyan niyan, Rocky.

And then finally, mayroon din tayong mga ayuda sa mga formal workers. Ito iyong mga may employment pero nawalan ng trabaho dahil siguro humina ang negosyo, nagkaroon ng retrenchment, nawalan sila ng temporary work. So, we give them what you call CAMP, COVID-19 Adjustment Measures Program. We pay them P5,000 cash assistance.

Ito po mga minamahal kong manggagawa ay programa ng ating Pangulo kasi iisa lang ang sinasabi sa atin ng atin Pangulo, “Bebot, ang pera ng gobyerno, pera ng tao kaya dapat ibigay sa tao.” Iyon lamang, Rocky, thank you very much.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kami po ay nagpapasalamat din sa inyong oras, panahon, impormasyon – Department of Labor Secretary Silvestre Bello III. Salamat po, Secretary.

**DOLE SEC. BELLO III:** Thank you, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, usaping petrolyo naman po tayo. Ilang mga motorista na naman po ang napapaaray sa posibleng panibagong taas-presyo ng produktong petrolyo sa susunod na linggo. Alamin po natin ang detalye tungkol diyan, makakasama po natin si Director Rino Abad, ang Oil Industry Management Bureau ng Department of Energy. Welcome back po, sir.

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Magandang hapon/tanghali Usec. Rocky at sa ating mga kababayan po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, mayroon na naman pong nakaambang pagtaas na naman po sa produktong petrolyo next week. Kailan po ito specifically mangyayari at nasa magkano daw po iyong posibleng taas-presyo?

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Usec. Rocky, ang kadalasan po na adjustment natin on a weekly basis ay tiyak ko po sa umaga po ng Tuesday. So, mangyayari ito next week, sa umaga ng Tuesday.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayroon na po ba tayong presyo o amount kung magkano po iyong itataas?

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Usec. Rocky, may increases po tayong ini-expect pero hindi ko po masabi ngayon ang mga amount kasi ayaw po natin sana maimpluwensiyahan ang mga oil companies which will actually provide the notification, usually on Monday. So upon receipt po, Usec. Rocky, noong notification nila, doon lang po kami puwedeng makapagsabi para hindi po lumabas na nauuna tayo sa pagsasabi ng amount at baka kopyahin na lang po ng mga oil company iyong sinabi natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, ito po bang inaasahang pagtaas pa rin ng presyo ng produktong petrolyo, dulot pa rin po ba ng krisis sa Russia at Ukraine?

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Isa iyan, Usec. Rocky ano, dahil iyong nakaraang pagbaba, isa din namang dahilan doon ang pagkakaroon sana ng peace talk between Russia and Ukraine. Pero ngayon nagbago po iyan, nahinto iyong peace talk dahil agresibo na naman po iyong military action ng Russia against Ukraine. Pangalawa po diyan iyong pagbabalik ng… mula sa lockdown ng Shanghai at iyan po'y nakikita ng market na magiging aggressive na naman ang China sa demand sa oil.

Iyong kasunod po na announcement na medyo nagkaroon ng kaba sa market, na magkakaroon na naman ng problema sa supply ng oil ay iyong plano na pinag-uusapan ngayon sa EU na posible nang i-ban iyong Russian export ng oil and gas dahil ito daw ang pinanggagalingan ng pera na siya namang ginagastos doon sa military action.

So sinabi kaagad ng OPEC na iyong mawawalang Russian oil na around five million – ang estimate diyan five million barrels per day na export to the market ay hindi daw nila kakayanin na punuan. So dahil diyan, Usec. Rocky, medyo volatile talaga ang ating sitwasyon sa supply side na siya namang nagpapa-increase noong price.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, ayon nga rin po sa pag-aaral ng Oxford Economics, isa po ang Pilipinas sa mga bansang magsa-suffer sa nangyayaring patuloy na pagtaas ng produktong petrolyo. Worst place din daw po ito pagdating sa energy inflation at fiscal impact. So, ano po ang masasabi ninyo dito?

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Well, Usec. Rocky, dahil mayroon na nga tayong oil deregulation at unfortunately hindi po regulated ng government ng Pilipinas ngayon ang import cost na siya namang naipa-pass on sa ating domestic pump price. Ang ginagawa naman po ng government para ma-mitigate po iyong impact doon sa pump price ay iyong pagbibigay po ng targeted relief program in a form of subsidy, pero targeted po ito doon sa vulnerable sectors natin.

Dalawa po iyan: Itong sa ating public transport sector, mayroon po tayong Pantawid Pasada diyan; at dito po sa Department of Agriculture para mabigyan po ng alalay ang farmers and fishermen, mayroon po tayong binigay ding subsidy diyan. So, ito'y paraan ng pag-mitigate but not necessarily doon natin kinu-control sa pagpapataw ng mga increases sa import cost na naipa-pass on po sa pump price natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nag-anunsiyo na rin po kayo kamakailan ng price freeze sa produktong petrolyo kasunod po noong idineklarang state of calamity sa ilang lugar na naapektuhan ng nagdaang Bagyong Agaton. Para malinaw lang po, saang areas lang po ito effective at hanggang kailan po ito tatagal?

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Usec. Rocky, iyong latest natin na effective na lang po ay iyong sa Iloilo at saka sa Leyte. Ito po'y tatagal from April 12 to 26 iyong sa Iloilo and then iyong sa Leyte ay April 13 to 27 kasi 15-day period lang po ang price freeze natin. At ito'y… maisasama po natin dito ang kerosene at saka household LPG, ito pong mga 11-kilogram LPG cylinders at pababa. So, ito po iyong mga period at ito po iyong mga lugar na may existing pa ngayon na price freeze advisory.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, sakali daw po na may magsamantala dito sa nasabing oil price freeze, ano daw po iyong maaaring kaharaping parusa?

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Usually, ang tinitingnan po natin ay dahil doon sa ating Price Act, Usec. Rocky ano. Mayroon po kasing definition doon na 'pag ikaw ay sumusobra ng 10% doon sa price during the price freeze ay maidi-declare ka pong nagpa-practice ng what we call the 'profiteering'. At saka dahil diyan, mayroon po tayong penalty, both fine at saka imprisonment, so mayroon po iyang one year but not more than 10 years of imprisonment at saka fine of not less than P5,000 but not more one million pesos – or both, nasa discretion po ng court iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Director, kunin ko na lamang iyong mensahe ninyo sa ating mga kababayan sa gitna pa rin po noong inaasahang pagtaas pa rin ng presyo ng produktong petrolyo na hindi naman po maiiwasan. Go ahead po.

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Okay. Usec. Rocky, unang-una kung pupuwede po maagapan na nila iyong pagpapakarga ngayon ng fuel para po hindi sila maabutan ng umaga ng Tuesday next week kasi talagang may indikasyon na talaga na mag-i-increase iyan.

Pangalawa po, Usec. Rocky, ang Department of Energy at ang oil companies, tuluy-tuloy po iyong programa doon sa mga fuel discount. Mayroon pong mga one peso to five – as high as five pesos na fuel discount sa mga gasoline stations natin. So pumili po sila noong gasoline stations na tuluy-tuloy na nag-o-offer ng mga fuel discounts na 'to at i-avail po ito, sayang naman kung hindi ma-avail.

Iyong pangatlo po, Usec. Rocky, ay ialalay po nila nang tama – meaning ibili po nila ng fuel iyong naibibigay ng government na subsidy lalo na itong Pantawid Pasada saka P6,500 po iyan

per utility operator at saka itong DA na fuel discount - 3,000 pesos po iyan per farmer at fisherman. So ialalay po nila iyan dahil 'yan po ang intensiyon ng pagbibigay ng subsidies.

At iyong pang-apat po, Usec. Rocky, gamitin din po iyong wais na pag-consume ng fuel. Kung gagamit ng sasakyan, sana iyong mga mas importanteng lakad at kung pupuwede, malimitahan lang muna iyong mga hindi naman importante at ito'y [talagang] makababawas sa gastusin nila sa fuel.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Salamat po sa inyong impormasyon at panahon, Director Rino Abad, Oil Industry Management Bureau ng Department of Energy. Salamat po, Sir Rino.

**OIMB-DOE DIRECTOR ABAD:** Salamat po, Usec. Rocky at [ganoon din] sa ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Pinagpapaliwanag po ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) ang mga provincial bus operators kaugnay po sa issue ng window hours scheme. Anim na bus operators po ang binigyan ng show cause order Kabilang po ang Victory Liner, Bataan Transit, Five Star Bus Company, First North Luzon Transit, Maria De Leon at Genesis.

Nakatakda ang online hearing ng LTFRB sa Mayo 10. Ipinahayag naman ng MMDA na bukas sa mga pasahero ang North Luzon Express Terminal o NLET sa Bocaue, Bulacan. May libreng sakay din po sa mga gusto pa ring magtungo sa mga terminals sa Metro Manila.

Huwag po kayong aalis, magbabalik pa ang Public Hearing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL BREAK]

**USEC. IGNACIO:** Nagbabalik po ang Public Hearing #LagingHandaPH.

Para po muling makibalita sa vaccination rollout sa iba't ibang eligible groups at linawin ang mga issue po kaugnay pa rin sa COVID-19, makakausap po natin si Undersecretary Myrna Cabotaje ng Department of Health.

Good morning po, Usec.

**DOH USEC. CABOTAJE:** Good morning, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, naitala kamakailan ang pinakamababang bilang ng COVID cases sa loob ng isang araw sa loob po ng dalawang taon. Are we expecting na ganito pa rin po ang magiging average daily cases sa mga susunod na araw o mas bababa pa?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Sana mas bababa. Pero alam natin na walang kasiguraduhan kung tataas o bababa. May mga assumptions tayo. Kabilang sa pagkonsidera natin ay ang ating minimum public health standards at saka iyong ating vaccine coverage.

May FASSTER projection dati na baka 517 ang kaso by May 15 if may decrease tayo ng 20% sa minimum public health standards. Kung mas mababa iyong pag-observe natin ng decline ng minimum public health standards, mas mababa rin ang cases [sic].

So, we are looking kung 5% decline ng observance ng minimum public health standards, we will have about 1,293 cases by middle ng May.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec, aling areas po ang binabantayan ngayon ng DOH dahil nakitaan po ng bahagyang pagtaas ng cases?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Yes. Usec. Rocky, hindi naman significant pero kailangan nating bantayan [ang mga lugar ng] Marinduque, Davao City, Butuan City and Surigao del Sur.

Nakikitaan din natin ng pag-increase ng cases ang Ilocos Norte, Kalinga, Batanes, Quirino, Catanduanes, Olongapo City, Tarlac City, Angeles City at Eastern Samar.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec, ano po iyong initial na nakita ninyong dahilan nito pong dapat ay bantayan natin itong mga lugar na ito dahil sa sinasabi nating bagama't hindi significant iyong pagtaas pero nakikita ninyo na posible po talagang tumaas?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Hindi natin nakikita ang common factors sa lahat ng areas but siyempre iyong ating influx ng mga turista, mga umuwi ng kanilang probinsiya. So, we are looking at Ilocos Norte, siyempre iyong mga areas ng Surigao del Sur. Baka may mga umuwi iyan. And then there might be some influx of campaign sorties. So, ito iyong mga tinitingnan.

Pero lahat naman ng areas sa ating bansa ay ating binabantayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, ikinakasa na sa Lunes itong pagsisimula ng rollout para po sa second booster dose. Ito po ba ay for selected areas lamang o nationwide na? Ilan po iyong target na mabakunahan sa unang araw?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Iyong ating fourth dose o second booster, Usec. Rocky, ay for immunocompromised lang. So, naka-estimate tayo ng mga around 690,000 na ICP, immunocompromised individuals na nakapag-third dose na. So, sa first day mga 7,000 to 13,000 ang nakikita nating magpapa-second booster na at ikakasa natin sa buong bansa, depende sa kahandaan ng ating mga bakuna center na mag-implement ng ating second booster.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, may tanong po si Athena Imperial ng GMA News: Nailatag na po ba daw iyong guidelines para po sa second booster?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Yes, we finished it last night. Nag-o-orient ngayon at saka bukas. May mga kaunting [unclear] sa third booster. So, marami na ang nag-aabang niyan sa iba't ibang bahagi ng ating bansa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec, puwede pong pakilinaw lang daw po ulit iyong vaccine booster combination na maaaring ibigay para sa eligible population sa kanilang second booster?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Sa second booster iyong tinatawag nating homologous, pareho sa first, second or even the third dose – Sinovac, Sinopharm, AstraZeneca, Moderna at Pfizer. Homologous ito.

Iyong heterologous, kahit anumang combination ng mga bakuna. Ang puwede lang na pang-heterologous o kaiba ay AstraZeneca, Moderna at Pfizer.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kumustahin ko na rin po, Usec, iyong update natin dito sa vaccination rollout para naman po sa pediatric population. Ilang porsiyento na po iyong fully vaccinated?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Sa ating five to eleven years old, Usec. Rocky, may 12.7% tayong fully vaccinated. So, that is 1.7 million out of 2.8 million na nabigyan na ng kanilang first dose.

Medyo pinu-push natin ito para mai-jab na natin iyong mga about 40 million vaccine [for] pedia na available.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kumusta rin po iyong… so far, iyong pagsasagawa ninyo raw po ng house-to-house vaccination?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Maganda at on hand pero maraming challenges 'no. Sa mga high-yield areas, maganda iyong house-to-house pero doon sa mga ibang areas, medyo napatid at na-frustrate iyong ating mga health care workers kasi kahit nag-house-to-house, marami pa rin ang ayaw magpabakuna. So, titingin tayo ng iba't ibang strategy kung paano pa mapapataas iyon. This will include iyong social mobilization – ibig sabihin bago pumunta iyong mga bakunador eh may mga orientation, may mga focus group discussions at depende kung handa na iyong area. Sabi namin, mag-focus tayo ngayon sa mga high-yield areas para hindi naman masasayang iyong ating mga effort.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., puwede po bang malaman kung saang lugar itong mga nag-house-to-house na po? Usec…

**DOH USEC. CABOTAJE:** Lahat ng areas sa buong bansa nag-house-to-house. Actually iyong ating latest na special vaccination day, ginawa natin sa Negros Occidental, Negros Oriental, buong Region XII. Tapos iyon ang mga frustration ng ating ibang mga health care worker, madaming pumunta, nag-house-to-house pero konti lang po iyong mga nagpabakuna.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ilang araw bago po matapos ang buwan ng Abril, ilan naman daw po iyong target doses na maibigay sa ating mga kababayan? Nabanggit po kasi ni Secretary Galvez na mababa daw po iyong nagiging turnout mula po month of February?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Yes, tama si Sec. Galvez ano. Kung nakaka-1 to 1.5 million a day tayo noong mga October/November, ngayon ay naka-200,000 tayo a day on the average. So we can say about 250,000 hanggang end of April, we will look up about 1.5 to 2 million. So iyong ating 67.4 million ngayon na fully vaccinated, aakyat ng mga 69 million.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ipinahayag po kahapon na nasa halos kalahati pa ng health care workers sa bansa ang hindi pa po naturukan, tama po ba ito, ng booster shot? Ano po ang hakbang ng DOH tungkol dito?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Tuluy-tuloy iyong ating advocacy, iyong ating Health Promotion Bureau ay magkakaroon ng survey sa ating mga ospital para malaman kung sino iyong mga nabakunahan na. Let us remember na ‘pag sinabi nating health care workers, hindi lang po iyong mga nasa ospital, kasama dito iyong mga barangay health workers, iyong mga contact tracers, iyong ating mga nasa private, iyong mga freestanding na mga clinics. So kailangan ho natin sila na tuluy-tuloy na paalalahanan na kailangan ng ating booster.

We are also going to have—especially for the BHW, isa sila sa malaking grupo na medyo hesitant na para sa booster. So we will have some town halls and more focus group discussions with our BHW.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., pagkatapos po ng eleksiyon, papaano na po ang magiging proseso ng vaccination sa pakikipagtulungan po ng LGUs?

**DOH USEC. CABOTAJE:** Tuluy-tuloy pa rin ang ating mga pagbabakuna. After the Ramadan, we will have special vaccination sites in BARMM, again ikinomit (commit) iyan ng ating Chief Minister at saka iyong ating Minister of Health, may mga specific areas para (unclear). Likewise, in the other areas na mabababa ang coverage, itutuluy-tuloy pa rin iyong ating mga bakunahan for primary doses, for first booster and then niru-rollout naman natin itong ating second booster.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kunin ko na lamang po ‘yung inyong paalala sa ating mga kababayan partikular po doon sa mga hindi pa nagpapabakuna at wala pang booster. Go ahead po, Usec. Myrna.

Usec.? Usec., can you hear me? Okay, sige. Kami po ay nagpapasalamat po sa inyong pagsama sa amin at sa inyong impormasyon, Undersecretary Myrna Cabotaje. Ingat po kayo, Usec.

Nasa dalawang libo at limandaang mga residente sa Cabarroguis, Quirino ang tinulungan ng tanggapan ni Senator Bong Go nitong Huwebes at Biyernes para po makabangon mula sa dagok ng pandemya. Narito po ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw. Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba’t ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Ako po si Usec. Rocky Ignacio, magkita-kita po muli tayo sa Lunes dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center